

**Pagtatasa ng PPAT®**  
**Form ng Pahintulot para sa Mga Estudyanteng Wala Pang 18**

Huling na-update 7/18/22

**Minamahal na Magulang/Tagapag-alaga:**

Isa akong kandidato na kukuha ng pagtatasa ng PPAT® na rekisito ng educator preparation program ko (pinangalanan sa ibaba). Bilang bahagi ng mga tugon ko sa pagtatasa, nais kong magsumite ng mga sample ng gawa ng iyong anak bilang katibayan ng pagsasanay ko sa pagtuturo. Hindi lilitaw ang pangalan ng iyong anak sa anumang materyales na isusumite. Magsusumite rin ako ng maikling video recording ng pagtuturo ko. Bagaman maisasama sa video recording ang iyong anak at iba pang mga estudyanteng nasa sa silid-aralan, ang pangunahing focus ay nasa pagtuturo ko, at hindi sa mga estudyante o mga nasa hustong gulang na nasa klase.

Ang mga tugon ko, kabilang ang lahat ng nakasulat na komentaryo, mga sample ng gawa ng estudyante at video na isusumite ko, ay titingnan ng mga ETS rater habang binibigyang-marka ang pagtatasa sa akin. Maaari rin gamitin ang mga katugunan na ito para sanayin ang mga bagong ETS rater para sa pagmamarka ng mga pagtatasa sa hinaharap. Maaari rin na repasuhin ng educator preparation program ko ang mga tugon ko para tulungan akong mapahusay ang pagganap ko sa pagtuturo. Maaaring gamitin ng ETS ang nakasulat na komentaryo ko sa pagbuo ng library ng mga sample para sa mga kandidatong guro sa hinaharap. Hindi isasama sa library ang mga sample ng gawa at video ng mga estudyante.

Pakipunan ang impormasyon sa ibaba at markahan ng tsek ang mga angkop na kahon para idokumento ang pagpayag mo sa pagsumite ng gawa ng iyong anak at pagkakabilang ng iyong anak sa isang video recording.

Pangalan Mo: \_\_\_\_\_

Pangalan ng Anak Mo: \_\_\_\_\_

Address Mo: \_\_\_\_\_

Paaralan na Pinapasukan ng Anak Mo: \_\_\_\_\_

Pangalan ng Estudyanteng Guro: \_\_\_\_\_

Teacher's Educator Preparation Program at Estado ng Estudyanteng Guro: \_\_\_\_\_

**Ako ang magulang/legal na tagapag-alaga ng bata na pinangalanan sa itaas. Nabasa ko ang impormasyon kaugnay ng Pagtatasa ng PPAT na isinasagawa ng ETS at sumasang-ayon ako sa sumusunod:**

Materyales (mag-tsek ng isa)

**IBINIBIGAY KO** ang pahintulot na magsumite ng mga materyales na tinapos ng anak ko bilang bahagi ng mga aktibidad sa silid-aralan.

**HINDI KO IBINIBIGAY** ang pahintulot na magsumite ng mga materyales na tinapos ng anak ko bilang bahagi ng mga aktibidad sa silid-aralan.

Video Recording (mag-tsek ng isa)

**IBINIBIGAY KO** ang pahintulot na isama ang anak ko sa mga video recording ng mga aktibidad ng silid-aralan.

**HINDI KO IBINIBIGAY** ang pahintulot na isama ang anak ko sa mga video recording ng mga aktibidad ng silid-aralan.

Lagda ng Magulang/Tagapag-alaga: \_\_\_\_\_ Petsa: \_\_\_\_\_